
**ACTIVITY SHEET**
**Araling Panlipunan 1**
**QUARTER 4-MODULE 2**

Pangalan: _____ 1- _____

## Payak na Mapa ng Loob at Labas ng Tahanan

**Activity No. 1**
**Panuto:** Tingnan at suriin ang larawan upang masagot ang mga katanungan sa ibaba. Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang.



_____1. Anong bagay ang nasa likod ng bahay?
A. aso B. ilaw C. kotse D. puno

_____2. Anong bagay ang makikita sa kanan ng bahay?
A. aso B. kotse C. puno D. sisiw

_____3. Anong bagay ang makikita sa kaliwa ng bahay?
A. bahay B. kotse C. puno D. upuan

_____4. Ano ang nasa gitna ng kotse at puno?
A. aso B. bahay C. ilaw D. puno

_____5. Ano ang nasa harap ng bahay?
A. aso B. ilaw C. kotse D. puno

LIVEWORKSHEETS

**Activity No. 2**

**Panuto:** Tukuyin ang inilalarawan sa bawat bilang. Isulat ang iyong sagot sa patlang.

_____1. Ito ay bahagi o pook sa loob ng tahanan para sa pag- ihi at pagdumi.

A. kusina
B. mapa
C. palikuran
D. silid-tulugan

_____2. Ito ay bahagi ng bahay kung saan tayo tumatanggap ng bisita.

A. kusina
B. paliguan
C. sala
D. silid-kainan

_____3. Ito ay isang larawan na kumakatawan sa kinalalagyan ng bagay o lugar. Ipinakikita rito ang mga bagay o lugar.

A. lokasyon
B. mapa
C. pananda
D. sala

_____4. Ito ay bahagi ng bahay kung saan sama-samang kumakain ang pamilya.

A. paliguan
B. sala
C. silid-kainan
D. silid-tulugan

_____5. Ito ay bahagi ng bahay kung saan natutulog at nagpapahinga ang buong pamilya.

A. mapa
B. paliguan
C. silid-tulugan
D. simbahan

LIVEWORKSHEETS